



Pansamantalang Framework para sa Paggamit ng PPE ng Lungsod at County ng San Francisco (CCSF) at Contractor Home Health Care Personnel (HCP) na Nag-aalaga sa Mga Kliyenteng Pinaghihinalaan o Kumpirmado, Kasama ang Asymptomatic, na may COVID-19

Na-update noong Hulyo 31, 2020

Ibinahagi ng Lungsod at County ng San Francisco ang Pansamantalang Framework para sa Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE), sa pagsisikap na itaguyod ang pangkalahatang kaayusan, kalusugan, at kaligtasan; kalusugan at kaligtasan ng empleyado; at epektibong pangangalaga at mga serbisyo sa kliyente at pasyente sa panahon ng pandemya dulot ng COVID-19, nang isinasaalang-alang ang kasalukuyang kakulangan sa PPE. Dapat maunawaan ng sinumang sumusuri sa Pansamantalang Framework para sa PPE na ito ang sumusunod:

- Mabilis na nagbabago ang datos, kaalaman, at mga rekomendasyon hinggil sa ligtas na paggamit ng PPE. Binuo ng Lungsod at County ng San Francisco (City and County of San Francisco, CCSF) ang Pansamantalang Framework na ito batay sa imbentaryo ng PPE nito at sa mga ibinibigay na pangangalaga at serbisyo sa kliyente at pasyente mula Hulyo 31, 2020. Partikular na nakabatay ang Framework na ito sa mga datos, kaalaman, at mga rekomendasyong nauugnay sa ligtas na paggamit ng PPE at prognosis ng supply chain mula Hulyo 31, 2020, at napapailalim ito sa mga pagbabago nang walang abiso.
- Dapat konsultahin ng mga provider ng pangangalaga at serbisyo ang mga alituntunin ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) para sa kasalukuyang pagpili, mga alternatibo, at ligtas na paggamit ng PPE. Posibleng hindi ganap na sumusunod ang Framework na ito sa lahat ng alituntunin para sa PPE, pero binuo ito para tugunan ang Emergency sa Pandemya dulot ng COVID-19 at ang nagreresultang kakulangan sa PPE.

Dapat kumonsulta ang mga provider ng pangangalaga at serbisyo sa kanilang Mga Tauhan sa Kalusugan at Kaligtasan, Pagkontrol ng Impeksyon, at Pamamahala sa Panganib (Health & Safety, Infection Control, and Risk Management Staff) bago magpasyang gamitin ang alinman sa impormasyon o prosesong nasa Pansamantalang Framework para sa PPE na ito. Ang anumang pasya na gamitin ang lahat o ang bahagi ng Pansamantalang Framework para sa PPE na ito ay ganap na nakadepende sa provider na iyon. Sa pagiging pampubliko ng Pansamantalang Framework para sa PPE na ito, hindi nagpapalagay o nag-uutos ang CCSF, o ang mga opisyal o empleyado nito, ng anumang obligasyon kung saan posible itong magkaroon ng pananagutan sa sinumang taong nagsasabing nagdulot ng pinsala ang Pansamantalang Framework na ito.

Buod ng Mga Rebisyon sa Gabay mula noong Bersyon 6/30/2020

Binago ang Mga Entry para sa Talahanayan ng PPE para maipakita ang mga pagbabago noong Hulyo 2020 sa [Interim Infection Prevention and Control Recommendations for Healthcare Personnel During the Coronavirus Disease 2019 \(COVID-19\) Pandemic \(Pansamantalang Pag-iwas sa Impeksyon at Mga Rekomendasyon sa Pagkontrol para sa Mga Tauhan ng Pangangalagang Pangkalusugan sa Panahon ng Pandemya dulot ng Coronavirus Disease 2019 \[COVID-19\]\)](#) ng CDC na nagsasabi ngayong dapat magsuot ng proteksyon sa mata ang mga provider na nasa mga lokasyong may katamtaman hanggang malalang hawahan sa komunidad kapag isinasagawa ang pangangalaga sa pasyente.



AUDIENCE

CCSF at Tauhan sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Bahay (Contractor Home Health Care Personnel, HCP) na nangangalaga para sa mga kliyenteng may pinaghihinalaan o kumpirmadong COVID-19, kasama ang asymptomatic.

Para sa mga layunin ng gabay na ito, ang mga indibidwal na pinaghihinalaang may COVID-19 ay ang mga indibidwal na may mga sintomas na katulad ng mga sintomas ng COVID-19, kung saan kasama ang: mataas na temperatura ($\geq 38^{\circ}\text{C}$ o 100.4°F), ubo, pananakit ng lalamunan, bagong pangangapos ng hininga, o rhinorrhea (malubhang sipon), sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, labis na pagkapagod, bagong pagkawala ng pang-amoy o panlasa, pagduruwal, pagsusuka, o pagtatae. Posibleng magkaroon ang mga indibidwal ng isa o higit pa ng mga sintomas na ito. Tingnan ang mga alituntunin ng CDC para sa isang listahan ng mga sintomas na nauugnay sa COVID-19

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html>.

LAYUNIN

Para gumawa ng framework para sa mga kagawian sa trabaho at rekomendasyon sa PPE para sa mga HCP na nagtatrabaho sa mga homecare site na nagsasaalang-alang sa transmisyong SARS-CoV-2 (ang virus na nagdudulot ng COVID-19) sa iba't ibang aktibidad, at sa availability ng mga supply at resource sa PPE.

Para sa impormasyon tungkol sa paggamit at muling paggamit ng PPE, pakitingnan ang “Mga Tagubilin sa Personal na Pamprotektang Kagamitan (Instructions for Personal Protective Equipment (PPE)), Paggamit at Muling Paggamit ng CCSF at Contractor Home Health Care Personnel (Use and Re-Use by CCSF and Contractor Home Health Care Personnel (HCP)), at Pag-aalaga para sa Mga Kliyente na May Pinaghihinalaan, Kumpirmado, Kasama ang Asymptomatic, na COVID-19 (Caring for Clients with Suspected or Confirmed, Including Asymptomatic, COVID-19),” na naka-post sa www.sfdcp.org/covid19hcp sa ilalim ng “Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment).”

BACKGROUND

Ipinag-aatas sa Kautusan sa Kalusugan Blg. C19-12 ng San Francisco at sa mga update nito na magsuot ang lahat ng mahalagang manggagawa ng mga takip sa mukha kapag nagsasagawa ng mga mahalagang serbisyo.

Tingnan ang <https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp> para sa pinakabagong bersyon ng “Pag-aatas ng Mga Takip sa Mukha.”

MGA REKOMENDASYON

Nagbibigay ang dokumentong ito ng framework na rekomendasyon sa PPE na nagsasaalang-alang sa 1) panganib ng transmisyong SARS-CoV-2 sa iba't ibang aktibidad at 2) supply at mga resource para sa PPE na posibleng maging limitado. Tingnan ang talahanayan sa ibaba para sa inirerekomandang PPE para sa paggamit sa mga kliyenteng may pinaghihinalaan o kumpirmadong COVID-19, kasama ang mga pasyenteng asymptomatic.

Ang paggamit ng PPE ay isang paraan lang sa pagprotekta sa HCP at mga kliyente mula sa transmisyong nito. Una sa lahat, dapat pahusayin ng HCP ang mga pang-administratibo at pangkapaligirang kontrol para mabawasan ang transmisyong sakit sa mga kliyente, HCP, at iba pa. Nasa ibaba ang ilang inirerekomandang pang-administratibo at pangkalikasang kontrol.



Pagprotekta sa Mga Kliyente at HCP

Pagprotekta sa Mga Kliyente

- Hindi dapat magtrabaho ang isang HCP na may lagnat o sakit sa respiratory system habang may sakit siya. Dapat payuhan ang may sakit na HCP hinggil sa mga patakaran sa sick leave na nagbibigay-daan sa empleyado na manatili sa bahay kapag may sakit. Dapat magsabi kaagad sa kanilang supervisor at umuwi na ang mga HCP na magkakaroon ng impeksyon sa baga, karamdamang mistulang trangkaso, o iba pang sintomas ng malalang karamdaman habang nasa trabaho, at dapat nilang isaad kung sinong mga tao ang kanilang nakaugnayan, kung aling mga kagamitan ang kanilang ginamit, at kung aling mga lokasyon ang kanilang pinuntahan. Dapat kumonsulta ang HCP sa kanyang sariling mga medikal na provider at sundin ang mga pamamaraan ng Lungsod at County ng San Francisco kung kailan ligtas bumalik sa trabaho pagkatapos ng pagkakaroon ng karamdaman na may mga sintomas ng COVID-19 (tingnan ang <https://sfdhr.org/COVID-19>).
- Dapat ding sumunod ang HCP sa mga pang-araw-araw na kagawian na pang-iwas sa sakit upang hindi sila magkasakit, at dapat nilang atasan at hikayatin ang mga kliyenteng ganoon din ang gawin, kasama ang:
 - Sumunod sa mga rekomendasyon sa paglayo sa ibang tao at umiwas sa malalaking pagtitipon at manatili sa bahay maliban na lang kung magsasagawa ng mga serbisyong lubos na kinakailangan (tingnan ang www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp).
 - Magsuot ng facemask o takip sa mukha kapag nakikipag-ugnayan sa ibang tao sa labas ng bahay at lalo na sa mga lugar na maraming tao.
 - Regular na maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng kahit 20 segundo lang, lalo na pagkatapos ninyong magbanyo; bago kayo kumain; at pagkatapos ninyong suminga, umubo, o bumahing. Kung walang magagamit na sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol. Palaging maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig kung kapansin-pansing marumi ang inyong mga kamay.
 - Iwasang hawakan ang mga mata, ilong, at bibig nang hindi pa naghuhugas ng mga kamay.
 - Huwag makigamit at magpagamit ng mga personal na item sa sambahayan gaya ng mga plato, baso, kubyertos, o sapin sa kama.
 - Linisin ang mga surface na “madalas hawakan” araw-araw, kasama ang mga counter, telepono, remote control, hawakan ng pinto, kagamitan sa banyo, inidoro, keyboard, at mesa sa tabi ng kama. Gumamit ng sabon at tubig o iba pang detergent kung marumi ang area. Pagkatapos ay gumamit ng disinfectant, at sundin ang mga tagubilin sa label upang matiyak na ligtas at epektibo ang paggamit sa produkto. Maraming produkto ang nagrerekomendang panatilihing basa ang surface sa loob ng ilang minuto upang matiyak na mapapatay ang mga mikrobyo. Nagrerekomenda ang ilan ng mga pag-iingat gaya ng pagsusuot ng guwantes at pagtiyak na may maayos na bentilasyon habang ginagamit ang produkto. Makikita ang impormasyon sa kaligtasan sa panlinis na produkto at mga aprubadong panlinis na produkto sa gabay na dokumentong [COVID-19: Kaligtasan at Mga Aprubadong Disinfectant sa Paglilinis at Pag-disinfectant \(COVID-19: Cleaning and Disinfectant Safety & Approved Disinfectants\)](#).
 - Magpabakuna para sa trangkaso kada taon bilang proteksyon laban sa trangkaso, na may mga sintomas gaya ng COVID-19.



Pagprotekta sa HCP

- Kung hindi lubos na kinakailangang pumasok sa tahanan upang ibigay ang serbisyo, isagawa ang pagpapatingin sa pamamagitan ng telepono o intercom, o mula sa isang outdoor na lokasyon gaya ng harap ng tahanan.
- Bago pumasok sa tahanan, dapat munang tumawag ang HCP, dapat silang gumamit ng intercom, o dapat silang manatili sa labas habang nagtatanong sila tungkol sa malalang karamdaman o diagnosis ng COVID-19 sa tahanan.
 - Magtanong tungkol sa malala (na bago lang) na lagnat, ubo, problema sa paghinga, pananakit ng kalamnan, pananakit ng lalamunan, pananakit ng ulo, pagsusuka, o pagtatae ng sinumang miyembro ng sambahayan.
 - Magtanong tungkol sa nakumpirmang diagnosis ng COVID-19 ng sinumang miyembro ng sambahayan.
- Kung potensyal na may COVID-19 ang sinumang miyembro ng sambahayan, magsuot ng PPE na parang may COVID-19 ang kliyente. Kung posibleng may COVID-19 ang isang miyembro ng sambahayan, ngunit hindi pinaghihinalaang may COVID-19 ang kliyente (hal., gumaling na ang kliyente sa COVID-19), subukang i-isolate ang kliyente mula sa kasama niya sa bahay na posibleng may COVID-19, sa oras ng pagbisita. Kung hindi ito posible, magsuot ng naaangkop na PPE batay sa lapit sa kasama sa bahay.
- Sa pagpasok sa anumang tahanan, kahit sa isang tahanan kung saan walang taong may sakit, ugaliing lumayo sa ibang tao. Halimbawa:
 - Kumaway sa halip na makipagkamay.
 - Dapat nakasuot ng mask ang kliyente sa pagbisita hangga't posible, at dapat siyang maghugas ng kamay (o gumamit ng hand sanitizer) bago magsimula ang pagbisita.
 - Iwasang hawakan ang mga surface sa tahanan na hindi pa nalilinis o nasa-sanitize.
 - Hangga't maaari, magpanatili ng distansyang hindi bababa sa 6 na talampakan sa pagitan ng HCP at iba pang tao sa tahanan.
 - Kung posible, pansamantala munang papuntahin ang mga miyembro ng sambahayan, bukod sa kliyente, sa ibang kwarto o lugar sa tahanan habang isinasagawa ang pagpapatingin ng pasyente.
 - Gawin ang pagpapatingin sa isang lugar na may maayos na bentilasyon (hal. may mga nakabukas na bintana), kung posible.
- Ang anumang hindi naitatapon na supply na dadalhin sa bahay ay dapat linisin at i-disinfect gamit ang mga disinfectant agent na nakakatugon sa mga pamantayan ng Mga Bagong Viral Pathogen (Emerging Viral Pathogens, EVP) ng Ahensya sa Pagprotekta ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) para sa COVID-19¹ para sa paglilinis ng mga face shield o goggle (halimbawa: PDI Sani-Cloth AF3 Germicidal Disposable Wipe, mga Diversey Oxyvir-1 Hydrogen Peroxide Wipe, o mga Clorox Healthcare Hydrogen Peroxide wipe).
- Magtalaga ng partikular na HCP na magsusuri sa mga kliyenteng may pinaghihinalaan o kumpirmadong COVID-19, kapag posible, at tiyaking ang mga tauhan ay sanay sa mga pamamaraan, kontrol, at paggamit ng PPE, kasama ang mga tagubilin sa pagsusuot, paghuhubad, at anumang muling paggamit o mas matagal na paggamit ng PPE², kasama ang mga N95 respirator. Kapag mahalaga ang mga supply ng PPE, dapat magsagawa ng espesyal na pangangalaga para matiyak na ang mga N95 respirator ay pinapriyoridad para sa mga aktibidad at kundisyong nasa mataas na panganib³ sa HCP, gaya ng habang may mga pamamaraan sa aerosol generating⁴ sa mga kliyenteng may pinaghihinalaan o kumpirmadong COVID-19, o kapag may pangangalaga sa mga pasyenteng may iba pang impeksyon kung saan mahigpit na inirerekomenda ang pagprotekta sa respiratory system (hal. tuberculosis, measles, varicella).



PPE para sa HCP sa Pangangalaga sa Bahay na Nagtatrabaho Kasama ang Mga Kliyenteng May Asymptomatic, Pinaghihinalaan, o Kumpirmadong COVID-19

I: Kapag natutugunan ang lahat ng kundisyong ito:

- May mask ang HCP at kliyente –at–
- Ang HCP ay mahigpit na nakikipag-ugnayan sa asymptomatic na kliyente na **hindi** pinaghihinalaan o kumpirmadong positibo sa COVID-19 –at–
- Walang kasama sa bahay na pinaghihinalaan o kumpirmadong positibo sa COVID-19.

Gustong PPE

- Dapat ay mayroong kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng facemask.⁵ Itapon kung natutugunan ang anumang pamantayan sa pagtatapon.⁹
- Gown⁶ kung kailangan ng kliyente ng gown para sa kanyang pangangalaga, dahil sa kanyang medikal na isyung hindi COVID-19.
- Mga guwantes kung kailangan ng kliyente ng mga guwantes para sa kanyang pangangalaga, dahil sa kanyang medikal na isyung hindi COVID-19.
- Proteksyon sa Mata at Mukha gaya ng sumusunod:
 - Kung walang mask ang pasyente habang inaasikaso siya o posible kang matalsikan, o mawisikan sa procedure, o may iba pa itong panganib sa mata, magsuot ng face shield o mga goggle.
 - Para sa lahat ng ibang pakikipag-ugnayan, magsuot ng mga salaming pangkaligtasan o pang-operasyong eye shield. Itapon kung natutugunan ang mga pamantayan⁹ o linisin at i-disinfect pagkatapos gamitin.

Mga alternatibo kapag paubos na o walang available na supply o resource

- Dapat ay mayroong kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng facemask.⁵ Itapon kung natutugunan ang anumang pamantayan sa pagtatapon.⁹
- Lab coat o iba pang Alternatibong Gown⁸ kung kinakailangan para sa pangangalaga sa kliyente, dahil sa medikal na isyung hindi COVID-19 ng kliyente.
- Mga guwantes kung kailangan ng kliyente ng mga guwantes para sa kanyang pangangalaga, dahil sa kanyang medikal na isyung hindi COVID-19.
- Proteksyon sa Mata at Mukha gaya ng sumusunod:
 - Kung posible kang matalsikan, o mawisikan sa procedure, o may iba pa itong panganib sa mata, kinakailangan ang face shield o mga goggle.
 - Para sa lahat ng ibang pakikipag-ugnayan, magsuot ng mga salaming pangkaligtasan o pang-operasyong eye shield.

Itapon kung natutugunan ang mga pamantayan⁹ o linisin at i-disinfect pagkatapos gamitin.



PPE para sa HCP sa Pangangalaga sa Bahay na Nagtatrabaho Kasama ang Mga Kliyenteng May Asymptomatic, Pinaghihinalaan, o Kumpirmadong COVID-19

II: Kapag natutugunan ang lahat ng kundisyong ito:

- Puwedeng panatilihin ang pakikipag-ugnayan ng HCP sa kliyente sa layong > 6 na Talampakan –at–
- Posibleng may suot o walang suot na mask ang kliyente – at—
- Walang kasama sa bahay na pinaghihinalaan o kumpirmadong positibo sa COVID-19.

Gustong PPE

- Subok na kasyang N95 na may nakatakdang kagawian sa mas mahabang paggamit.⁵ Itapon ang N95 kung hindi masusunod ang mga kagawian sa mas mahabang paggamit o kung natutugunan ng N95 ang iba pang pamantayan sa pagtatapon.⁹
 - Lab coat o isa pang Alternatibo para sa Gown.⁸
 - Proteksyon sa Mata at Mukha gaya ng sumusunod:
 - Kung walang mask ang pasyente habang inaasikaso siya o maaari kang matalsikan, o mawisikan sa medikal na panggagamot o procedure, o may iba pa itong panganib sa mata, magsuot ng face shield o mga goggle.
 - Para sa lahat ng ibang pakikipag-ugnayan, magsuot ng mga salaming pangkaligtasan o pang-operasyong eye shield.
- Itapon kung natutugunan ang mga pamantayan⁹ o linisin at i-disinfect pagkatapos gamitin.
Mga guwantes kung mayroon lang contact sa posibleng kontaminadong surface o item habang inaasikaso ang kliyente.

Mga alternatibo kapag paubos na o walang available na supply o resource

- Dapat ay mayroong kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng facemask.⁵ Itapon kung natutugunan ang anumang pamantayan sa pagtatapon.⁹
 - Proteksyon sa Mata at Mukha gaya ng sumusunod:
 - Kung posible kang matalsikan, o mawisikan sa procedure, o may iba pa itong panganib sa mata, kinakailangan ang face shield o mga goggle.
 - Para sa lahat ng ibang pakikipag-ugnayan, magsuot ng mga salaming pangkaligtasan o pang-operasyong eye shield.
- Itapon kung natutugunan ang mga pamantayan⁹ o linisin at i-disinfect pagkatapos gamitin.
- Lab coat o isa pang Alternatibo para sa Gown.⁸
Hindi ipinag-aatas ang pagsusuot ng mga guwantes kung ang HCP ay walang direktang contact sa kliyente, mga gamit ng kliyente, o sa anumang gamit sa kalapit na lugar ng kliyente.



PPE para sa HCP sa Pangangalaga sa Bahay na Nagtatrabaho Kasama ang Mga Kliyenteng May Asymptomatic, Pinaghihinalaan, o Kumpirmadong COVID-19

III: Kapag natutugunan ang lahat ng kundisyong ito:

- Nakikipag-ugnayan ang HCP sa kliyente, kasama ang direktang pangangalaga, sa loob ng 6 na talampakan mula sa kliyente –at–
- Ang kliyente ay nakasuot ng mask sa buong pakikihalubilo –at–
- Ang kliyente o kasama sa bahay ay may pinaghihinalaan o kumpirmadong COVID-19.

Gustong PPE

- Subok na kasyang N95 na may nakatakdang kagawian sa mas mahabang paggamit.⁵ Itapon ang N95 kung hindi masusunod ang mga kagawian sa mas mahabang paggamit o kung natutugunan ng N95 ang iba pang pamantayan sa pagtatapon.⁹
- Gown⁶ o Mga Alternatibo para sa Gown⁸ kung limitado ang supply ng gown.
- Proteksyon sa Mata at Mukha gaya ng sumusunod:
 - Kung walang mask ang pasyente o kasama sa bahay habang inaasikaso siya o posible kang matalsikan, o mawisikan sa medikal na pangagamot o procedure, o may iba pa itong panganib sa mata, magsuot ng face shield o mga goggle.
 - Para sa lahat ng ibang pakikipag-ugnayan, magsuot ng mga salaming pangkaligtasan o pang-operasyong eye shield. Itapon kung natutugunan ang mga pamantayan⁹ o linisin at i-disinfect pagkatapos gamitin.
- Mga guwantes.

Mga alternatibo kapag paubos na o walang available na supply o resource

- Dapat ay may mga nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas mahabang paggamit para sa facemask o N95 na hindi nasubok kung kasya (puwedeng gamitin ang N95 na hindi nasubok kung kasya bilang mga pamalit sa facemask⁷).⁴ Itapon kung natutugunan ang alinman sa mga pamantayan sa pagtatapon.⁹
- Mga Alternatibo para sa Gown.⁸
- Proteksyon sa Mata at Mukha gaya ng sumusunod:
 - Kung posible kang matalsikan, o mawisikan sa procedure, o may iba pa itong panganib sa mata, kinakailangan ang face shield o mga goggle.
 - Para sa lahat ng ibang pakikipag-ugnayan, magsuot ng mga salaming pangkaligtasan o pang-operasyong eye shield. Itapon kung natutugunan ang mga pamantayan⁹ o linisin at i-disinfect pagkatapos gamitin.
- Mga guwantes.



PPE para sa HCP sa Pangangalaga sa Bahay na Nagtatrabaho Kasama ang Mga Kliyenteng May Asymptomatic, Pinaghihinalaan, o Kumpirmadong COVID-19

IV: Kapag natutugunan ang lahat ng kundisyong ito:

- Nakikipag-ugnayan ang HCP sa kliyente, kasama ang direktang pangangalaga, sa loob ng 6 na talampakan mula sa kliyente –at–
- Ang kliyente ay walang suot na mask o kailangang alisin ang mask sa anumang pagkakataon sa pakikipag-interaksyon –at–
- Ang kliyente o kasama sa bahay ay may pinaghihinalaan o kumpirmadong COVID-19

-O KAYA-

Kung natutugunan ang iisang kundisyong ito:

- Nagsasagawa ang HCP ng o siya ang nasa isang aktibidad na nasa mataas na panganib³ kasama ng kliyente.

Gustong PPE

- Subok na kasyang N95 para sa HCP na nagsasagawa ng aktibidad na mataas ang panganib³, na may nakatakdang kagawian sa mas mahabang paggamit.⁵ Itapon ang N95 kung hindi masusunod ang mga kagawian sa mas mahabang paggamit o kung natutugunan ng N95 ang iba pang pamantayan sa pagtatapon.⁹
- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng facemask.⁵ Itapon kung natutugunan ang anumang pamantayan sa pagtatapon.⁹
- Gown⁶ para sa aktibidad na may mataas na panganib.³ Mga Alternatibo para sa Gown⁸ para sa iba pang aktibidad kapag limitado ang supply ng gown.
- Proteksyon sa Mata at Mukha gaya ng sumusunod:
 - Kung posible kang matalsikan, o mawisikan sa procedure, o may iba pa itong panganib sa mata, kinakailangan ang mga face shield o goggle.
 - Para sa lahat ng ibang pakikipag-ugnayan, magsuot ng mga salaming pangkaligtasan o pang-operasyong eye shield.Itapon kung natutugunan ang mga pamantayan⁹ o linisin at i-disinfect pagkatapos gamitin.
- Mga guwantes.

Mga alternatibo kapag paubos na o walang available na supply o resource

- Subok na kasyang N95 na ginagamit lang para sa mga pamamaraang aerosol-generating⁴ na may nakatakdang kagawian sa mas mahabang paggamit.⁵ Itapon ang N95 kung hindi masusunod ang mga kagawian sa mas mahabang paggamit o kung natutugunan ng N95 ang iba pang pamantayan sa pagtatapon.⁹
- Facemask na ginagamit para sa mga pamamaraan na hindi aerosol-generating (puwedeng gamitin ang N95 na hindi naisukat bilang mga pamalit para sa mga facemask⁷) na may mga nakatakdang kagawian sa mas matagal na paggamit.⁵
- Mga Alternatibo para sa Gown.⁸
- Proteksyon sa Mata at Mukha gaya ng sumusunod:
 - Kung posible kang matalsikan, o mawisikan sa procedure, o may iba pa itong panganib sa mata, kinakailangan ang face shield o mga goggle.
 - Para sa lahat ng ibang pakikipag-ugnayan, magsuot ng mga salaming pangkaligtasan o pang-operasyong eye shield.Itapon kung natutugunan ang mga pamantayan⁹ o linisin at i-disinfect pagkatapos gamitin.
- Mga guwantes.
- Bawasan ang dami ng mga tauhan habang nasa matataas na panganib na aktibidad, at palitan ang mga ito ng mga aktibidad na mas mababa ang panganib, kapag posible.



Mga Footnote

¹Mga Disinfectant para sa Paggamit Laban sa SARS-CoV-2:

- “N” na Listahan ng EPA: <https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2>,
- Center for Biocide Chemistries “Novel Coronavirus (COVID-19)—Fighting Product List”: <https://www.americanchemistry.com/Novel-Coronavirus-Fighting-Products-List.pdf>, o
- Pahayag ng manufacturer ng produkto na natutugunan ng manufacturer ang mga pamantayan ng Emerging Viral Pathogen ng APA para sa COVID-19

²Mga Tagubilin para sa Personal na Pamprotektang Kagamitan (Instructions for Personal Protective Equipment (PPE)) Paggamit at Muling Paggamit ng CCSF at Contractor Home Health Care Personnel (Use and Re-Use by CCSF and Contractor Home Health Care Personnel (HCP)) Pangangalaga para sa Mga Kliyente na May Pinaghihinalaan o Kumpirmado, kasama ang Asymptomatic, COVID-19 (Caring for Clients with Suspected or Confirmed, Including Asymptomatic, COVID-19) (Mayo 2, 2020)

³Kasama sa mga aktibidad na nasa mataas na panganib ang kung saan inaasahan ang mga talsik at spray, kasama ang mga pamamaraan na aerosol-generating⁴ at mga aktibidad sa pangangalaga sa pasyente na may matagal na harapan o malapit na contact gaya ng paglalagay ng dressing, pagbabanyos/pagpapaligo, paglilipat, paglilinis ng katawan, at pagpapalit ng mga sapin sa kama, pagpapalit ng panloob o pagtulong sa paggamit ng banyo, pangangalaga o paggamit ng device, o paggamot sa sugat.

⁴Kasama sa pamamaraan na aerosol generating ang cardiopulmonary resuscitation, intubation, extubation, bronchoscopy, nebulizer therapy, sputum induction, at nasopharyngeal swab collection, na posibleng maging dahilan ng pag-ubo.

⁵Ang muling paggamit ng at mas matagal na paggamit ng PPE ay ayon sa patakaran ng pasilidad at panahon ng kakulangan sa PPE. Pakitingnan ang “Mga Pamantayan sa Pagtatapon ng PPE (Discard Criteria for PPE)” sa ibaba kung kailan dapat itapon ang PPE sa mga setting ng muling paggamit at mas matagal na paggamit. Mahalaga ang pagsunod sa wastong kalinisan ng kamay kapag naghuhubad ng N95 respirator, facemask, proteksyon sa mata, o mga gown. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa:

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/ppestrategy/index.html>

Tumutukoy ang mas matagal na paggamit sa kagawian ng pagsusuot ng parehong N95 respirator, facemask, proteksyon sa mata, o gown para sa paulit-ulit na malapitang pakikipag-ugnayan sa maraming kliyente, nang hindi inaalis ang pamprotektang kagamitan sa pagitan ng mga interaksyon sa kliyente. Posibleng magpatupad ng mas matagal na paggamit kapag maraming pasyente/kliyente ang may impeksyon ng iisang respiratory pathogen at magkakasama sa isang nakalaang kwarto ang mga pasyente/kliyente

Tumutukoy ang muling paggamit sa kagawian ng paulit-ulit na paggamit ng isang N95 respirator, facemask, o proteksyon sa mata ng isang tao sa isang yugto ng panahon para sa maraming pakikihalubilo sa mga kliyente at pag-aalis (‘paghuhubad’) dito pagkatapos ng bawat pakikihalubilo. Ang respirator, facemask, o proteksyon sa mata ay itinatabi sa pagitan ng mga interaksyon at dapat ilagay ulit (‘isuot’) bago ang susunod na interaksyon sa isang pasyente/kliyente

⁶Ang isang isolation gown ay gawa sa hinabing synthetic na materyal at resistant ito sa mga fluid. Karaniwan ay disposable gown ang mga ito, maliban kung ginagamit ang mga cotton laundered gown.

⁷Ang isang N95 respirator na hindi nasukat ng nagsusuot, ay itinuturing na pamalit para sa mga facemask.

⁸Kasama sa Mga Alternatibong Gown ang mga re-usable na cloth isolation gown, cloth gown, lab coat, o shop coat, at dedepende ito sa availability sa bawat pasilidad.



Isapriyoridad ang mga gown para sa mga sumusunod na aktibidad:

- Sa oras ng mga aktibidad sa pangangalaga kung saan inaasahan ang mga pagtalsik at spray, at sa iba pang pamamaraang aerosol generating.
- Sa oras ng mga aktibidad ng pangangalaga kung saan malapitan ang pakikipag-ugnayan sa pasyente/kliyente, nagkakaroon ng mga oportunidad ang mga pathogen na lumipat sa kamay at damit ng mga provider, tulad ng: Pagbibihis, paliligo/pagsa-shower, paglilipat, paglilinis ng katawan, pagpapalit ng mga sapin sa kama, pagpapalit ng mga panloob o pagtulong sa paggamit ng banyo, pangangalaga at paggamit ng device, at paggamot sa sugat.

⁹Mga Pamantayan sa Pagtatapon para sa PPE sa Mga Setting ng Muling Paggamit at Mas Matagal na Paggamit

PPE	Pamantayan sa pagtatapon
N95 o mga facemask	<ul style="list-style-type: none"> • Marumi o kitang-kita na may dumi • Nagkaroon ng contact sa dugo o mga fluid sa katawan • Nahihirapang huminga rito • Kung ang mga strap ay labis na nabatak, o napigtas na, o kung nasira na ang takip sa mukha • Isinusuot sa lugar ng pangangalaga ng kliyente na may mga karagdagang nakakahawang diagnosis na naipapasa sa pamamagitan ng contact (hal. C difficile)
Gown o alternatibong gown ⁸	<ul style="list-style-type: none"> • Marumi o kitang-kita na may dumi • Nagkaroon ng contact sa dugo o mga fluid sa katawan • Pisikal na may sira, kasama ang mga sirang tali o pangkabit • Isinusuot sa lugar ng pangangalaga ng kliyente na may mga karagdagang nakakahawang diagnosis na naipapasa sa pamamagitan ng contact (hal. C difficile) • Pag-isipan ang pagtatapon pagkatapos ng mga aktibidad na may mataas na panganib, depende sa availability ng supply
Alternatibo para sa Face shield, mga goggle, o Proteksyon para sa Mata	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi na mahigpit na naisusuot sa provider • Nahaharangan ang paningin at nananatiling may harang sa paningin kahit inayos na ito

Karagdagang Impormasyon

Gabay ng Centers for Medicare & Medicaid Services (Mga Center para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid) para sa Mga Ahensya ng Kalusugan sa Tahanan <https://www.cms.gov/files/document/qso-20-18-hha.pdf>

Gabay ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) para sa Pagpigil sa Pagkalat ng Sakit na Dulot ng Coronavirus 2019 sa Mga Tahanan at Residensyal na Komunidad <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/guidance-prevent-spread.html>



**Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng
San Francisco**

**Proteksyon sa Mata para sa
COVID-19**

Para sa Mga Layunin ng Aerosol Generating (Aerosol Generating Purposes, AGPs) at/o aktibidad kung saan may panganib ng mga pagtalsik o pagwisik

1. Face Shield:



Ipinapakita ang face shield ng pangangalagang pangkalusugan, katanggap-tanggap din ang mga impact resistant na pang-industriyang Face Shield

2. Mga Goggle:



Flexible na paligid, bumubuo ng seal sa mukha

Para sa mga pangkalahatang aktibidad ng pangangalaga sa pasyente nang walang panganib ng pagtalsik o pagwisik at kapag hindi isinasagawa ang mga AGP

3. Mga Salaming Pangkaligtasan:



Matibay at impact resistant na plastik

**4. Pang-operasyong Eye Shield
(kilala rin bilang Trauma Glasses):**



Magaan at flexible na plastik na nakakonekta sa frame